

ECONOMIC DEVELOPMENT AUTHORITY *of the City of Norfolk*

Board of Directors

Jeffrey F. Brooke, Chairman
Morgan Whayland, Vice Chairman
Kim Brown
Jaeson E. Dandalides
John Garrett
Richard H. Ottinger
Henri Patten
George Polizos
Simon H. Scott
Carter Smith
Keith Warren

Officers

Executive Director
Sean Washington

Assistant Executive Director
Robert Sharak

Secretary-Treasurer
Michael Paris

Assistant Secretary-Treasure
Dawn Ryan

Pangunahing Paalala tungkol sa mga Karapatan sa Hindi Diskriminasyon

Ang Economic Development Authority ng Lungsod ng Norfolk, o “EDA”, ay nagbibigay ng pampublikong paalala ng patakaran nito na isulong at tiyakin ang ganap na pagsunod sa mga kinakailangan ng Title VI ng Civil Rights Act ng 1964 at iba pang kaugnay na awtoridad ukol sa hindi diskriminasyon. Ayon sa Title VI at mga kaugnay na patakaran, walang sinumang tao sa Estados Unidos ang dapat na pagbawalan sa paglahok, pagkaitan ng mga benepisyo, o isailalim sa diskriminasyon batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, edad, kapansanan, antas ng kita, o limitadong kakayahan sa Ingles (Limited English Proficiency), sa anumang programa o aktibidad na tumatanggap ng pondo mula sa pamahalaan ng Estados Unidos.

Ang sinumang nais ng karagdagang impormasyon tungkol sa Title VI at ADA Program ng EDA ay maaaring makipag-ugnayan kay Robert Sharak sa address na nakasaad sa ibaba.

Kung may sinumang naniniwalang siya ay, indibidwal man o miyembro ng isang partikular na grupo, nakaranas ng diskriminasyon batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, edad, kapansanan, antas ng kita, o limitadong kakayahan sa Ingles, siya ay may karapatang magsampa ng pormal na reklamo. Ang reklamo ay kailangang isumite nang nakasulat sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng sinasabing pangyayari sa:

Economic Development Authority ng Lungsod ng Norfolk

999 Waterside Drive, Suite 2430
Norfolk, Virginia, 23510
Robert Sharak
757-630-8025
businessattraction@norfolk.gov

Mangyaring bisitahin ang aming website para sa karagdagang impormasyon:

[MARAD Port Host Infrastructure Grant \(PIDP\) - Norfolk Department
of Economic Development](#)

Maaari ring magsumite ng reklamo direkta sa **Maritime Administration** sa pamamagitan ng email sa civilrights.marad.dot.gov o sa pamamagitan ng sulat sa:

United States Maritime Administration

Office of Civil Rights
West Building, 2nd Floor MAR-130
1200 New Jersey Avenue, SE
Washington, DC 20590